# ERIC ABALAJON

Si Eric Abalajon ay lecturer sa Division of Humanities, UP Visayas, Iloilo. Ang ilan sa kaniyang mga tula at maikling kuwento ay lumabas sa *Loch Raven Review, Ani, Katitikan, Cha: An Asian Literary Journal, The Tiger Moth Review, Marias at Sampaguitas,* at *Dx Machina.* Siya ay may dalawang zine gamit ang sagisag-panulat na Jacob Laneria, *Mga Migranteng Sandali (2020)* at *The Landscape Does Not Sit Willingly (2022).* Nakatira siya malapit sa siyudad ng Iloilo.

# PAGSUNOD SA MGA TRAK

Layô pa lang kilanlan mo na
Pahinayon imo dalagan,

ang kataason sang goma pareho lang
sa mga mata ko. Indi ko kitaon.

Sa palibot, gabalikid ang mga tawo
nga daw prosesyon ang galabay,

samtang ginatabunan mga guya
sa yab-ok nga gakabilin.

Tatlo ukon apat sila pirme nagasundanay,
gasamo ang ila mga anino kag

ginapalawig ang paglinog sang dalan.
Kung gasunod ko sa ila,

ginakulbaan ko magpanumdum,
indi nga basi maaksidente ko—

hinay malang ila dalagan,
kundi ang hukay nga ila ginhalinan

kag kung ano ang ginapatindog sa ila pakadtuan.

# PAGSUNOD SA MGA TRAK

Malayo pa lang kailangan mo
na bagalan ang takbo,

ang taas ng mga gulong ay sa parehong
antas lang ng mga mata ko. Hindi ako nakita.

Sa paligid, lumilingon ang mga tao
parang isang prosesyon ang dumadaan,

sabay takip sa mga mukha
dahil sa alikabok na naiiwan.

Madalas tatlo o apat sila magkakasunod,
nagsasanib ang mga anino at

pinapalawig ang pagyanig ng kalsada.
Kapag sumusunod ako sa kanila,

kinakabahan akong isipin,
hindi ang posibleng sakuna—

mabagal naman sila,
kundi ang hukay na kanilang pinanggalingan

at ang tinatayo kung saan man sila papunta.